# PHYSIOTHERAPY AT RAYUMA

## Paano makakatulong ang physical therapy/physiotherapy?

**Ang mga physical therapist/physiotherapist, kasama ng iba pang propesyonal na nangangalaga ng kalusugan ay makakatulong sa pagkontrol ng mga sintomas ng arthritis. Makakatulong sila na panatilihing aktibo ang isang tao.**

**Narito ang mga ilan sa mga maaaring gawin ng mga physical therapist/physiotherapist upang makatulong sa mga taong may arthritis:**



- **paggawa ng naaayong exercise program base sa mga sintomas na nararanasan ng pasyente**



- **mapalakas at ma-improve ang kabuuang paggalaw**



- **pagtuturo kung paano makontrol ang mga sintomas tulad ng pananakit, pamamaga at paninigas ng mga kasu-kasuan**



**Ang isang physical therapist/physiotherapist ay eskperto sa pagsuri sa kabuuang kalusugan ng isang taong may rayuma, at makakatulong upang kausapin ang iba pang health care professionals na maaaring makatulong din na mapangalagaan ang kalusugan ng isang pasyenteng may arthritis.**



World Physiotherapy

#WorldPTDay

www.world.physio/wptday

World PT Day 2023

8 SETYEMBRE